Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 198 -T'2001

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN, KGG. GLORIA MACAPAGAL ARROYO, PANGULO NG BANSA NA MAKAPAGLAAN ANG PAMAHALAANG NASYUNAL PARA SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT MAPAGKALOOBAN ITO NG HALAGANG APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00) PARA SA KONSTRUKSYON NG BAGONG PAMILIHANG BAYAN, HAWKERS PLAZA, N. TOBIAS ST. EXTENSION, BARANGAY SANTISIMA CRUZ, BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* kailangang magkaroon ng bagong pamilihang bayan upang maayos na maisagawa ang kalakaran ng pamilihan at mapaglingkuran ang dumaraming bilang ng mga manininda at mamimili sa bayang ito at maging ng mga kanugnog na bayan sa lalawigan;

*SAPAGKA'T,* walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagpatayo ng karagdagang gusali at magsilbing pamilihang bayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Purita P. Sarmiento at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na mapitagang hilingin sa Kanyang Kamahalan, Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Bansa na makapaglaan ang pamahalaang nasyunal para sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna at mapagkalooban ito ng halagang P4,000,000.00 para sa konstruksyon ng bagong pamilihang bayan, Hawkers Plaza, N. Tobias St. Extension, Barangay Santisima Cruz bayang ito.

*PINAGPASIYAHAN PA:* Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan